Palabas na **balita**

# Mas abot-kayang pabahay para sa mga Albertan

Hulyo 24, 2023 Mga katanungan sa media

## Ang susunod na ikot ng pagpopondo para sa Programa ng Pakikipagtulungan sa Abot-kayang Pabahay [Affordable Housing Partnership Program (AHPP)] ay bukas para sa mga aplikasyon mula sa mga kasosyo sa komunidad upang suportahan ang mga makabagong solusyon sa pabahay.

Ang abot-kayang pabahay ay nagbibigay-kakayahan sa mga pamilya at mga indibidwal na gamitin ang kanilang kita para sa iba pang mga mahahalagang pangangailangan at upang mapabuti ang kanilang kalidad ng buhay. Ang pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan sa mga programa upang matiyak na ang mga Albertan ay magkaroon ng ligtas, matatag at abot-kayang pabahay.

Sa pamamagitan ng pag-ikot na ito ng pagpopondo, ang pamahalaan ng Alberta ay nagbibigay ng $68 milyon para suportahan ang mga makabago at napapanatiling abot-kayang mga solusyon sa pabahay para sa mga Albertan na mababa ang kita. Ang mga kasosyo sa publiko, hindi-pangkalakal at pribadong sektor ay maaaring magsumite ng kanilang mga proyekto ng abot-kayang pabahay para sa pagpopondo hanggang Oktubre 16.

“Ang Programa ng Pakikipagtulungan para sa Abot-kayang Pabahay ay nagtataguyod ng magkatuwang na gawain at binibigyang-priyoridad ang layunin ng pagtitiyak na lahat ng mga Albertan ay may akses sa ligtas, matatag, abot-kayang pabahay. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa aming mga kasosyo sa munisipyo, hindi pangkalakal at pribadong sektor, titiyakin namin na makakapaghatid kami ng iba't ibang mga opsyon sa abot-kayang pabahay upang matugunan ang mga lokal na pangangailangan."

*Jason Nixon, Ministro ng mga Serbisyo sa Nakatatanda, Komunidad at Panlipunan*

Ang unang pag-ikot ng pagpopondo ay nagsara noong Enero, na nagresulta sa pag-apruba ng $124.7 milyon sa pagpopondo para sa 30 mga proyekto. Sinuportahan ng programa ang higit sa 1,100 abot-kayang mga yunit ng pabahay sa buong Alberta.

Ang lahat ng mga panukala ay tatasahin batay sa mga pangangailangan ng lokal na komunidad, kakayahang makamit ang mga resulta para sa mga Albertan na may mababang kita at halaga para sa pera ng nagbabayad ng buwis.

Ang mga detalye sa pagiging karapat-dapat at ang proseso ng aplikasyon ay maaaring matagpuan online.

## Mabilis na mga Katotohanan

- Ang ilang mga kilalang proyekto na nakumpleto mula sa unang paggamit ng Programa ng Pakikipagtulungan para sa Abot-kayang Pabahay noong Enero ay kinabibilangan ng:
    - $15.2 milyon para sa Bridgeland Place Retrofit ng Lungsod ng Calgary
    - $14.9 milyon para sa Muling Pagpapaunlad ng Lendrum ng Civida sa Edmonton
    - $14.7 milyon para sa Mapag-arugang Pamumuhay ng Spruce Grove Lodge ng Pundasyon ng Pabahay ng Meridian (Meridian Housing Foundation) sa Spruce Grove
- Ang pagpopondo para sa Programa ng Pakikipagtulungan para sa Abot-kayang Pabahay ng Alberta ay ibinibigay sa pamamagitan ng Pambansang Estratehiya sa Pabahay na 10-taong magkabilang panig na kasunduan sa pagitan ng mga pamahalaan ng Canada at Alberta.

## Kaugnay na impormasyon

- Pakikipagsosyo sa Programa ng Pakikipagtulungan para sa Abot-kayang Pabahay (Affordable Housing Partnership Program)
- Estratehiya ng Mga Mas Matatag na Pundasyon sa abot-kayang pabahay
- Mga programa ng abot-kayang pabahay

## Multimedia

- Panoorin ang kumperensya ng balita